



Washington Office of Superintendent of  
**PUBLIC INSTRUCTION**

*Gabay sa  
Implementasyon:  
Maagang Pagsusuri  
ng Dyslexia*

**2020**

# GABAY SA IMPLEMENTASYON: MAAGANG PAGSUSURI NG DYSLEXIA

2020

**Glenna Gallo, M.S., M.B.A.**

**Katuwang na Superintendent ng Special Education**

**Kathe Taylor, Ph.D.**

**Katuwang na Superintendent ng Pag-aaral at Pagtuturo**

**Inihanda nina:**

- **Aira Jackson**, Direktor ng Sining at Literacy sa Wikang English  
[aira.jackson@k12.wa.us](mailto:aira.jackson@k12.wa.us) | 360-725-6228
- **Benjamin Everett**, Administratibong Katuwang sa Sining sa Wikang English  
[ben.everett@k12.wa.us](mailto:ben.everett@k12.wa.us) | 360-725-6064
- **Dr. Alicia Roberts Frank**, Panrehiyong Administrador para sa mga Espesyal na Program/Espesyalista sa Dyslexia Distrito ng Pang-edukasyong Serbisyo (Capital Region Educational Service District) 113  
[arobertsfrank@esd113.org](mailto:arobertsfrank@esd113.org) | 360-464-6843



Washington Office of Superintendent of  
**PUBLIC INSTRUCTION**

# ISINULAT NG KONSEHO NG TAGAPAYO SA DYSLEXIA

**Dr. Alicia Roberts Frank**

Capital Region ESD 113  
Kinatawan ng Espesyalista sa Dyslexia

**Andrea Archer**

International Dyslexia Association  
Kinatawan ng Non-Profit

**Angie Withers**

Richland School District  
Kinatawan ng Sikolohista ng Paaralan

**Annie Pennell**

Office of Superintendent of Public Instruction (OSPI)  
Kinatawan ng Programa ng Tulong sa Pag-aaral

**Barb Casey**

Prospect Point Elementary  
Kinatawan ng Espesyal na Edukasyon

**Effie Triol**

ESD 112  
Kinatawan ng Tagapag-ugnay sa Kakayahang Magbasa at Magsulat

**Elizabeth Sorby**

Pribadong Pagsasanay  
Kinatawan ng Sikolohista ng Paaralan

**Heather Awbery**

West Valley School  
Kinatawan ng Pang Distritong Administrador

**Hilary Conville**

Auburn School District  
Kinatawan ng Espesyal na Edukasyon

**Dr. Jennifer McDonald**

Steilacoom School District  
Kinatawan ng Lupon ng Paaralan

**Jennifer Sicilia**

Spokane School District  
Kinatawan ng Magulang at Guro

**Jey Buno**

Mga Pampublikong Paaralan ng Evergreen  
Kinatawan ng Sikolohista ng Paaralan

**Jodi Kinzel**

Bellingham School District  
Kinatawan ng Espesyalista sa Kakayahang Magbasa at Magsulat

**Julie Savelesky**

Camas School District  
Kinatawan ng Mababang Paaralan

**Justyn Poulos**

OSPI  
Kinatawan ng MTSS

**Karma Hugo**

OSPI  
Kinatawan ng Maagang Pag-aaral

**Kathleen Rice**

Independent na Contractor  
Kinatawan ng Tagapag-ugnay sa Kakayahang Magbasa at Magsulat

**Lauren Barkley**

Ferndale School District  
Kinatawan ng Mababang Paaralan

**Dr. LaWonda Smith**

Muckleshoot Tribal School  
Kinatawan ng Espesyalista sa Kakayahang Magbasa at Magsulat

**Liz Coon**

Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle  
Kinatawan ng Mababang Paaralan

**Liz Stewart**

OSPI  
Kinatawan ng Espesyal na Edukasyon

**Dr. Marsha Riddle Buly**

Western Washington University  
Kinatawan ng Mag-aaral ng Wikang English

**Mary Waldron**

Puget Sound ESD 121  
Kinatawan ng Coordinator ng Maagang Pag-aaral

**Dr. Michael Dunn**

Washington State University Vancouver  
Distrito ng Paaralan sa University

**Michelle Lewis**

Distrito ng Paaralan sa Sumner  
Kinatawan ng Administrador

**Dr. Molly Branson Thayer**

University of Washington  
Kinatawan ng Mataas na Edukasyon

**Morgan Sampson**

Kinatawan ng Impormasyon ng Mag-aaral

**Nova Williams**

Mercer Island School District  
Kinatawan ng Administrador ng Paaralan

**Patricia Beuke**

Olympic ESD 114  
Kinatawan ng Tagapag-ugnay sa Kakayahang Magbasa at Magsulat

**Patsy Guglielmino**

Colville School District  
Kinatawan ng Administrador ng Distrito

**Sara Buetow**

Pagde-decode ng Dyslexia  
Kinatawan ng Hindi pangkalakal na Dyslexia

**Shannon Criss**

Boistfort School District  
Kinatawan ng Superintendent sa Rural na Paaralan

**Shauna L Schmerer**

Almira School District  
Kinatawan ng Superintendent

**Shelley O'Dell**

Shelton Public Schools  
Kinatawan ng Espesyalista sa Kakayahang Magbasa at Magsulat

**Suzanne Ender**

Kinatawan ng Magulang

**Dr. Yoshiko Schulz**

University Place School District  
Kinatawan ng Mag-aaral ng Wikang English

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

Layunin ng Gabay sa Implementasyon .....	5
Kautusan sa Maagang Pagsusuri ng Dyslexia .....	5
Pag-unawa sa mga Kagamitan sa Akademikong Pagsusuri.....	7
Impormasyon sa Dyslexia.....	8
Pinakamahuhusay na Kasanayan: Mga Tagapamahala ng Paaralan at Distrito .	11
Pinakamahuhusay na Kasanayan: Mga Guro.....	14
Pag-unawa sa Akademikong Pagsusuri: Mga Magulang at Pamilya.....	17
Legal na Abiso.....	19

# LAYUNIN NG GABAY SA IMPLEMENTASYON

Ginawa ang gabay na ito ng Konseho ng Tagapayo sa Dyslexia (Dyslexia Advisory Council, DAC) para suportahan ang mga distrito ng paaralan sa Washington sa pagpapatupad ng mga inaasahan sa kautusan ng Maagang Pagsusuri sa Dyslexia, simula sa taglagas ng 2021.

Sinasaklaw ng patnubay na inilaan ng DAC ang mga sangguniang nakabatay sa ebidensiya at pinakamahuhusay na kasanayan na maaaring gamitin kasama ng malawak na sistema ng kurikulum at pagsusuri na ginagamit ng mga distrito ng paaralan sa Washington. Paniniwala ng DAC na ang mga inirerekomendang kasanayang ito ay makatutulong sa implementasyon ng mga pagsisikap ng mga guro at distrito ng paaralan para suportahan ang lahat ng estudyante tungkol sa paglilinang ng kanilang kakayahang bumasa at sumulat.

**Bisitahin ang webpage ng OSPI sa “[Pag-unawa sa Dyslexia \(Understanding Dyslexia\)](#)” para matuto nang higit pa tungkol sa Kautusan ng Maagang Pagsusuri sa Dyslexia at gawain ng Konseho ng Tagapayo sa Dyslexia.**

## KAUTUSAN SA MAAGANG PAGSUSURI NG DYSLEXIA

### Kahulugan ng Dyslexia

Ang dyslexia ay isang problema sa pagkatuto na neurolohikal ang pinagmulan at kinakikitaan ng di-inaasahang paghihirap sa tumpak o matatas na pagkilala sa salita at ng mahinang kakayahan sa pagbaybay at pagbibigay-kahulugan na hindi alinsunod sa katalinuhan, motibasyon at mga kakayahang pandamdang ng isang tao. Karaniwang nagreresulta ang mga paghihirap na ito mula sa kakulangan sa ponolohikal na sangkap ng wika na kadalasan ay hindi inaasahan kaugnay sa iba pang kognitibong abilidad. Maaaring kabilang sa pangalawang kahihinatnan ang mga problema sa pag-unawa sa pagbabasa at nabawasang karanasan sa pagbabasa na makakahadlang sa paglago ng bokabularyo at kaalaman (Panukalang-Batas ng Senado 6162 (2018)).

### Konseho ng Tagapayo sa Dyslexia

"Ang superintendent ng pampublikong pagtuturo ay dapat na magpulong ng konseho ng tagapayo sa dyslexia para payuhan ang superintendent tungkol sa mga bagay na nauugnay sa dyslexia sa akademikong kapaligiran. Dapat na isama ng konseho ang mga interesadong stakeholder kabilang ang, subalit hindi limitado sa, mga eksperto sa dyslexia at espesyal na edukasyon, guro sa paaralang primarya, tagapamahala ng paaralan, sikolohista ng paaralan, kinatawan ng lupon ng paaralan, at kinatawan ng mga organisasyong non-profit na dalubhasa sa dyslexia. Dapat na maglingkod ang mga miyembro ng konseho nang walang bayad.

Sa Hunyo 1, 2019, dapat na tukuyin at ilarawan ng konseho ang mga kagamitan at sanggunian sa pagsusuri na sinasapatan ang pag-unlad at akademikong pamantayan, kabilang ang mga pagsasaalang-alang sa pagiging tumpak at maaasahan, na nagpapahiwatig ng karaniwang pag-unlad o ng dyslexia, na isinasaalang-alang ang karaniwang neurolohikal na pag-unlad ng bata, at iulat ang impormasyong ito sa superintendent ng pampublikong pagtuturo.

Sa Hunyo 1, 2020, dapat na bumuo ang konseho ng mga rekomendasyon at mag-ulat sa superintendent ng pampublikong pagtuturo tungkol sa:

- a) Pinakamahuhusay na kasanayan para sa implementasyon ng distrito ng paaralan sa mga pagsusuri gaya ng kahilingan sa ilalim ng seksyon 2 ng batas na ito, kabilang ang mga pagsasanay para sa kawani ng distrito ng paaralan na nangangasiwa ng mga pagsusuri;
- b) Pinakamahuhusay na mga kasanayan para sa paggamit sa mga multitiered na sistema ng suporta para maglaan ng mga tulong gaya ng kahilingan sa ilalim ng seksyon 2 ng batas na ito, kabilang ang mga pagsasanay para sa kawani ng distrito ng paaralan sa mga paraan sa pagtuturo na partikular na pinupuntirya ang mga larangan ng kahinaan ng estudyante;
- c) Halimbawa ng impormasyong pang-edukasyon para sa mga magulang at pamilyang nauugnay sa dyslexia kung saan kabilang ang listahan ng mga sanggunian para sa suporta sa magulang; at
- d) Pinakamahuhusay na kasanayan para tugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyanteng lampas sa ikalawang baitang na nagpapakita ng mga pagpapahiwatig ng, o mga larangan ng kahinaan na nauugnay sa, dyslexia." ([RCW 28A.300.710](#))

## Maagang Pagsusuri sa mga Baitang K-2

"Sa Setyembre 1, 2019, ang superintendent ng pampublikong pagtuturo, matapos isaalang-alang ang mga rekomendasyon mula sa konseho ng pagpapayo sa dyslexia na nagpulong sa ilalim ng Binagong Batas ng Washington (Revised Code of Washington, RCW) [28A.300.710](#), ay dapat na tukuyin ang mga kagamitan at sanggunian sa pagsusuri na, sa pinakamababa, ay naabot ang sumusunod na pinakamahuhusay na kasanayan para:

- a) Sapatang pag-unlad at akademikong pamantayan, kabilang ang mga pagsasaalang-alang ng pagiging tumpak at maaasahan, na nagpapahiwatig ng karaniwang pag-unlad sa kakayahang bumasa at sumulat o ng dyslexia, na isinasaalang-alang ang karaniwang neurolohikal na pag-unlad ng bata; at
- b) Tukuyin ang mga tagapagpahiwatig at larangan ng kahinaan na lubusang nakapagtatantiya sa kahirapan sa pagbabasa sa hinaharap kabilang ang ponolohikal na kabatiran, ponemikong kabatiran, mga kasanayan sa mabilis na pagpapangalan, kaalaman tungkol sa tunog ng titik, at kasaysayan ng pamilya tungkol sa kahirapan sa pagbabasa at pagkatuto ng wika. Simula sa Setyembre 1, 2019, dapat na panatilihin ng superintendent ng pampublikong pagtuturo sa web site ng ahensiya ang listahan ng mga kagamitan at sanggunian sa pagsusuri na tinukoy sa ilalim ng seksyong ito at dapat na magsama ng mga link sa mga kagamitan at sanggunian, kung mayroon." ([RCW 28A.300.700](#))

## Suporta sa Pagwawasto at mga Multi-tiered na Sistema ng Suporta (MTSS)

"Simula sa pasukan ng taong 2021-22, at ayon sa nakalaan sa seksyong ito, dapat na gumamit ang bawat distrito ng paaralan ng mga multitiered na sistema ng suporta (multi-tiered systems of support) para maglaan ng mga pagwawasto sa mga estudyante sa kindergarten hanggang sa ikalawang baitang na nagpapakita ng mga pagpapahiwatig ng, o ng mga larangan ng kahinaan na nauugnay sa, dyslexia. Para makapaglaan sa mga distrito ng paaralan ng oportunidad para makapagwasto bago bumagsak nang malaki sa antas ng baitang ang pag-aaral ng estudyante, dapat na suriin ng mga distrito ng paaralan ang mga estudyante sa kindergarten hanggang sa ikalawang baitang para sa mga indikasyon ng, o ng mga larangang nauugnay sa, dyslexia ayon sa inilaan sa seksyong ito.

(2)(a) Dapat na gumamit ang mga distrito ng paaralan ng mga kagamitan at sangguniang nagpapamalas ng pinakamahuhusay na mga kasanayan, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng RCW [28A.300.700](#)." ([RCW 28A.320.260](#))

# PAG-UNAWA SA MGA KAGAMITAN SA AKADEMIKONG PAGSUSURI

## Ano ang mga Kagamitan sa Akademikong Pagsusuri

Ang mga kagamitan sa pagsusuri ay mga pagsusuring maikli, maaasahan, at tunay na ginagamit para tulungan ang mga guro sa pagtukoy sa mga estudyanteng nanganganib o hindi -nanganganib sa partikular na kahirapan sa akademiko at o dyslexia.

Ang pangkalahatang kagamitan sa pagsusuri ay nagtataglay ng sumusunod na katangian:

- Mabilis at naka-target na mga pagsusuri sa mga discrete na kasanayang nagpapahiwatig kung ang mga estudyante ay nakakagawa ng sapat na pagsulong sa kakayahang magbasa.
- Katumbas na alternatibong mga form para maisagawa nang tatlo hanggang apat na beses sa isang taon.
- Mga tagubiling nakasunod sa pamantayan para sa pangangasiwa at pagbibigay ng iskor.
- Naitatag ang pamantayan sa pagiging maaasahan at wasto.
- Tumutugon sa kultura at wika ng mga estudyante sa Washington.

## Bakit dapat gamitin ang mga Kagamitan sa Akademikong Pagsusuri

- Nagsisilbi ang mga kagamitan sa pagsusuri sa layuning masuri kung gaano nakatutugon ng mabuti ang lahat ng estudyante sa pangunahing tagubilin at kung ang estudyante ba ay nanganganib sa mga resulta ng nabawang pagkatuto.
- Maaaring paglaanan ng mga kagamitan sa pagsusuri ang mga paaralan at guro ng datos para baguhin o ayusin ang pangunahing pagtuturo o kung kinakailangan ang isang bago o karagdagang pagwawasto.
- Ang datos mula sa mga kagamitan sa pagsusuri ay maaaring makatulong sa mga paaralan at distrito na suriin ang pagiging epektibo ng kanilang pagtuturo at (mga) programa sa pagwawasto.

## Mga Pagsasaalang-alang sa Paggamit ng mga Kagamitan sa Akademikong Pagsusuri

Ang mga instrumento sa pagsusuri, kabilang ang para sa mga kapansanan sa pagkatuto, ay nagtataglay ng karamihan sa o lahat ng sumusunod na katangian:

- Nakatutulong sa pagtukoy ng pangangailangan para sa pagsusuri sa hinaharap
- Mabilis pangasiwaan, bigyan ng iskor, at bigyang-kahulugan
- Angkop para sa malaking bilang ng mga tao
- Maaari ding ilapat kung minsan sa grupo, kakaunti ang pokus, kayang magbigay ng mababaw na pagsusuri sa maraming larangan, gaya ng kasanayan sa wika, pagkilos, o pakikihalubilo sa iba

# IMPORMASYON SA DYSLEXIA

Simula sa pasukan sa taong 2021-22, susuriin ng bawat distrito ng paaralan ang mga estudyante sa baitang K-2 para sa mga kahinaan sa pag-unlad sa (mga) kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat na maaaring nauugnay sa dyslexia.

## Tungkol sa Dyslexia

Ang dyslexia ay:

- Isang pagkakaiba sa utak na nagpapahirap sa pagproseso ng mga tunog ng salita, partikular na sa kakayahang makarinig, palitan, at baguhin ang indibidwal na mga tunog sa salita.
- Kinakikitaan ng mga paghihirap sa pagbabasa at pagbabaybay, partikular na sa mga ugnayan sa pagitan ng mga titik at tunog.
- Malamang na humantong sa mga problema sa pagkatuto at pag-alaala ng bokabularyo, pag-unawa kung ano ang binasa, at pagsusulat ng mga iniisip sa papel.
- Hindi nauugnay sa pangkalahatang katalinuhan.
- Hindi problema sa paningin o dulot ng kawalan ng motibasyon, interes, o pagkahantad sa maraming panitikan, o di-epektibong tagubilin sa klase.

**VIDEO: [Ano ang Dyslexia/Pagpapaliwanag sa Dyslexia](#)** ni Margie Gillis sa Understood.org

## Magpokus sa mga Kalakasan

Ang isang batang may dyslexia ay maaaring nahihirapan sa pagbabasa, pagsusulat, at pagsasalita, pero maaaring mayroon ding mga talento at interes na dapat pasiglahin. Mayroon **silang** pambihirang kasanayan sa pagsasalita at pag-iisip, gaya ng:

- Mga kakayahan sa malikhain at orihinal na paglutas ng problema
- Kasanayan sa pakikinig
- Imahinasyon at pagiging mausisa
- Kasanayan sa pagkilala sa mga disenyo
- Pagtatayo, pagbuo, at paggamit ng mga bagay
- Mga kasanayan sa palakasan, pagkamalikhain, o sa musika

## Mga Karaniwang Suliranin

### Magkakaiba ang Bawat Bata

Magkakaiba ang anyo ng dyslexia sa bawat bata at sa lahat ng edad at yugto. Karaniwan nang nahihirapan ang mga taong may dyslexia sa pagbikas ng mga salitang may dalawa o higit pang pantig, pati na rin ang mga sintomas sa ibaba.

### *Pre-School hanggang Kindergarten*

- Naantalang pagsasalita (edad 2-3)
- Pagsunod sa mga tagubilin
- Pagkatuto at pag-alaala sa mga pangalan ng titik
- Pagtutugma

### *Mga Unang Taon sa Paaralan*

- Pag-uugnay ng mga titik sa tunog
- Pagsusulat ng mga iniisip



- Pagsunod sa mga tagubilin na may maraming hakbang
- Pagsasaulo ng mga impormasyon sa matematika at paglutas sa mga problema sa salita
- Mabagal o putol-putol na pagbabasa, kahit sa pinakamaliliit o karaniwang salita
- Pag-iwan ng mga salita, bahagi ng mga salita, at tunog kapag nagbabasa
- Mali at pabago-bagong pagbabaybay
- Napagpapalit ang mga termino para sa mga konsepto at bagay (hal., bagel/doughnut)
- Pagiging palaiwas

### *Mga Kalaunang Taon sa Paaralan*

- Pagbabasa nang malakas
- Pagbabasa at pagsusulat ng mga salitang may dalawa o higit pang pantig
- Pag-alinsabay sa pagbabasa at pagsusulat nang marami
- Pagsusulat ng mga gawain (mga takdang-aralin, sanaysay, email, pagtatala, atbp.)
- Pag-aaral ng banyagang wika

## Ano ang Makatutulong?

Sa pamamagitan ng angkop na pagtuturo at mga suporta, maaaring matutong bumasa at sumulat ang isang batang may dyslexia. Ang kapaki-pakinabang na pagtuturo ay malinaw at nakabatay sa mga kasanayang nakasalig sa ebidensiya at nakaayon sa pang-edukasyong pagsasaliksik at agham.

## Pakikipag-ugnayan sa mga Paaralan

**Mahalaga ang pagtutulongan ng pamilya/paaralan para sa tagumpay ng estudyante.** Ang unang hakbang na gagawin kapag nababahala ang magulang o tagapag-alaga tungkol sa pag-unlad ng kanilang anak ay gumawa ng appointment ng pag-uusap sa guro para talakayin ang:

- Mga ikinababahala o katanungan ng magulang o tagapag-alaga
- Mga ikinababahala o katanungan ng guro
- Mga hakbang para malaman ang higit pa tungkol sa mga kahirapan at pangangailangan ng bata
- Kasunod na miting para ibahagi ang mga natuklasan at talakayin ang pag-uugnay ng pagtuturo sa mga pangangailangan ng bata

## Mga Suporta sa Silid-aralan

### **Lumilikha ng Access ang Akomodasyon**

Bukod sa angkop na pagtuturo, natutulungan ng mga akomodasyon ang mga batang may dyslexia sa silid-aralan at nadaragdagan ang kanilang tiwala sa sarili. Kabilang sa ilang suportang nakatutulong sa mga estudyante ang:

- Pinalawig na panahon sa pagbabasa at pagsusulat
- Paghihiwa-hiwalay sa mahahabang takdang-aralin
- Tahimik na lugar para sa pag-aaral at pagsusulit
- Mga audiobook (kasama ang para sa mga textbook) o suporta sa computer para sa pagbabasa (hal., [Bookshare](#) o [Learning Ally](#))
- Mga computer na may software na nagdidikta
- Mga nakasaradong caption kapag nanonood ng mga video para pagtibayin ang kaalaman sa salita. Tingnan ang [Sangay sa Oregon ng Pandaigdigang \(Oregon Branch of the International Dyslexia Association, ORBIDA\)](#) para sa karagdagang impormasyon.

## Sosyal/Emosyonal na Suporta

### Palaguin ang mga Kalakasan at mga Kasanayan sa Pagtataguyod

Ang mga batang may dyslexia ay maaaring nakikipagpunyagi din sa kanilang pagpapahalaga sa sarili, kabalisahan, at depresyon. Maitataguyod ng mga magulang at tagapag-alaga ang positibong mga saloobin at katatagan sa pamamagitan ng:

- Pagtuklas at pagpapasigla sa mga kalakasan, interes at hilig ng kanilang anak
- Pagtataguyod ng mga oportunidad sa aktuwal na pagkatuto tungkol sa kanilang komunidad at mundo
- Pagbabasa sa kanilang mga anak, panonood ng mga video, at pakikinig sa mga teksto sa kasalukuyang mga paksa sa silid-aralan
- Pagpopokus sa pagsulong at tagumpay ng kanilang anak
- Pagtuturo sa kanilang anak:
  - na may mga kalakasan at kahinaan ang bawat isa
  - kung paano hihingi ng tulong at makikipag-usap tungkol sa mga pangangailangan nila (pagtataguyod sa sarili)

### Mga Karagdagang Sanggunian

- [Site ng Dyslexia](#) at [Gabay sa Sanggunian](#) ng OSPI
- [Pandaigdigang Samahan sa Dyslexia \(International Dyslexia Association\)](#) (IDA) [Sangay ng IDA sa Washington](#)
- [Impormasyon ng Dyslexia sa Espanyol](#)
- [Pambansang Sentro para sa Pagpapahusay ng Kakayahang Magbasa at Magsulat \(National Center for Improving Literacy\)](#)
- [Understood](#)
- [University of Michigan Tulong sa Dyslexia](#)
- Maaaring panoorin ng mga magulang at tagapag-alaga kasama ng kanilang mga anak ang: [Tingnan ang Dyslexia mula sa Ibang Pananaw](#)

# PINAKAMAHUHUSAY NA KASANAYAN PARA SA PAGSUSURI SA KAKAYAHANG BUMASA AT SUMULAT: MGA TAGAPAMAHALA NG PAARALAN AT DISTRITO

Simula sa pasukan sa taong 2021-22, susuriin ng bawat distrito ng paaralan ang mga estudyante sa baitang K-2 para sa mga kahinaan sa pag-unlad sa (mga) kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat na maaaring nauugnay sa dyslexia.

## Mga Akademikong Tagapagsuri

Ang mga akademikong tagapagsuri ay mga pagsusuring maikli, maaasahan, at tunay na ginagamit para tulungan ang mga guro sa pagtukoy sa mga estudyanteng nanganganib sa partikular na kahirapan sa akademiko.

Ang mga Kagamitan sa Akademikong Pagsusuri ay:

- Mabilis at naka-target na mga pagsusuri sa mga indibidwal na kakayahan.
- Nakasunod sa pamantayan para sa pangangasiwa at pagbibigay ng iskor.
- Tumutugon sa kultura at wika ng mga estudyante sa Washington.

Ang akademikong tagapagsuri ay **HINDI** isang kagamitan para ma-diagnose ang dyslexia.

## Mga Kasanayang Dapat Suriin

Dapat na masuri ng mga kagamitan sa pagsusuri sa kakayahang bumasa at sumulat ang mga sumusunod na kasanayan, gaya ng kahilingan sa batas ng estado:

- Ponemikong Kabatiran
- Ponolohikal na Kabatiran
- Kaalaman sa Tunog ng Titik
- Mabilisang Awtomatikong Pagpapangalan (Rapid Automated Naming, RAN)—Mangyaring tandaan na bagaman puwedeng sumulong ang mga kasanayan sa RAN, hindi maituturo o maisasaayos ang mga ito.

## Proseso ng Pagsusuri

Para matulungan ang mga distrito sa pag-unawa kung paano umaakma ang Pagsusuri sa Kakayahang Bumasa at Sumulat ng K-2, naglathala ang Tanggapan ng Superintendent ng Pampublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI) at ang Konseho ng Tagapayo sa Dyslexia ng [Inirerekomendang Timeline](#) para sa mga kasanayan sa kakayahang bumasa at sumulat sa bawat baitang mula K-2.

Iba-iba ang partikular na proseso para sa bawat distrito ng paaralan batay sa mga rekomendasyon ng tagapaglathala sa mga tagapagsuring pinili ng distrito. Gumawa ang OSPI/Konseho ng Tagapayo sa Dyslexia ng [crosswalk](#) na makapagbibigay-impormasyon sa mga pagpipilian ng mga distrito. Dapat na pangasiwaan sa bawat taon ang Ponolohikal na Kabatiran, Ponemikong Kabatiran, at Kaalaman sa Tunog ng Titik sa mga estudyante sa lahat ng tatlong antas ng baitang.

- Dapat na suriin ang mga estudyanteng nagpatala sa kalagitnaan ng taon kasama ng kanilang mga kaklase sa susunod na petsa ng pagsusuri.

- Dapat na kumpletuhin ng mga estudyante ang Rapid Automatic Naming nang isang beses lang, sa loob ng di-kukulangin sa apat na linggo pagkatapos ng pagpapatala.
- Kung nagpamalas ang estudyante sa K-2 ng larangan ng kakulangan sa unang pagsusuri, dapat na subaybayan ang pagsulong.
- Dapat na suriin ng team ang mga ulat at pagpasiyahan ang mga pagwawasto sa pamamagitan ng multi-tiered na sistema ng suporta.
- Ang mga pamilya ay dapat na palaging kasama sa pagpapasiya at may kabatiran sa pagsulong ng estudyante.
- Kung, pagkatapos maglaan ng multi-tiered na mga pagwawasto, ang estudyante ay patuloy pa ding nagpapahiwatig ng *dyslexia*, dapat na irekomenda ng distrito ng paaralan sa mga magulang at pamilya ng estudyante na masuri ang estudyante para sa *dyslexia* o sa partikular na kapansanan sa pagkatuto.

## Sino ang Makakatanggap ng Pagsusuri

Susuriin ang mga estudyante sa mga baitang na K-2.

**Gabay para sa mga estudyanteng nag-aaral ng wikang Ingles:** Ang kagamitan sa pagsusuri ay dapat na maging naisalin na pagsusuri (ng tagapaglathala) at dapat na pangasiwaan ng isang bihasang tagapagsalita sa pinakamalakas na wika ng estudyante.

## Pangangasiwa sa mga Kagamitan sa Pagsusuri sa Kakayahang Bumasa at Sumulat

- Para pinakaepektibong mailaan ang pagtuturo at mga pagwawasto, ang mga kagamitan sa pagsusuri ay dapat na pangasiwaan ng kilalang sertipikadong nakatalang guro.
- Responsibilidad ng tagapamahala ng gusali ng lokal na ahensiya ng edukasyon (LEA) na tiyaking dadaluhan ng lahat ng guro sa mga baitang sa K-2 ang propesyonal na pag-aaral ng tagapagsuring pinili ng distrito at sila ay sinanay sa pangangasiwa ng mga kagamitan sa pagsusuri ayon sa mga rekomendasyon ng tagapaglathala.
- Dapat na bumuo ang LEA, kasama ang mga tagapamahala ng gusali, ng iskedyul sa propesyonal na pag-aaral at pagsasanay para sa mga bagong guro at kawani.

## Bakit Mahalaga ang Maagang Pagsusuri

Sinusuportahan ng tatlong mahahalagang natuklasan sa pananaliksik ang maagang pagsusuri sa panganib na magkaroon ng *dyslexia*:

- Maagang naitatag ang mga uri ng pag-unlad sa pagbabasa.
- Puwedeng mahadlangan at maisaayos ang mga problema sa pagbabasa sa pamamagitan ng maagang pagtukoy at pagwawasto.
- Kapag walang masinsinang pagwawasto, ang mga nahihirapang mambabasa ay hindi "makakasabay" sa kalaunan at maaaring manganib na makaranas ng akademikong kabiguan.

Tingnan ang [Pagsusuri para sa Dyslexia](#) para sa karagdagang impormasyon.

**VIDEO: [Ano ang Dyslexia/Pagpapaliwanag sa Dyslexia](#)** ni Margie Gillis sa Understood.org

## Tungkol sa Dyslexia

Ang dyslexia ay:

- Kadalasang namamanang neurolohikal na kaibahan na pumipinsila sa pagpoproseso ng ponolohikal (tunog) na aspekto ng wika, partikular na sa kakayahang unawain at manipulahin ang indibidwal na mga tunog sa mga salita, na maaaring humantong sa mga problema sa pag-unlad ng bokabularyo, pag-unawa sa binasa, at nakasulat na ekspresyon.
- Kinakikitaan ng mga paghihirap sa pagbabasa at pagbabaybay, partikular na sa pag-unlad ng mga ugnayan sa pagitan ng mga titik at tunog.
- Hindi nauugnay sa pangkalahatang katalinuhan o kakayahang pandamdang.
- Hindi bunga ng kawalan ng gana, interes, o di-epektibong pagtuturo sa silid-aralan.

## Mga Karagdagang Sanggunian

- [Dyslexia Webpage ng OSPI](#)
- [Webpage ng Multi-tiered na Sistema ng mga Suporta ng OSPI](#)
- [Mga Madalas Itanong sa OSPI: Maagang Pagsusuri sa Kakayahang Bumasa at Sumulat](#)
- [Menu ng Pinakamahuhusay na mga Kasanayan sa Sining ng Wikang Ingles sa OSPI](#)
- [Pambansang Sentro para sa Pagpapahusay ng Kakayahang Magbasa at Magsulat: Toolkit sa Dyslexia](#)
- [Sangay sa Washington ng Pandaigdigang Samahan sa Dyslexia](#)

# PINAKAMAHUHUSAY NA KASANAYAN PARA SA PAGSUSURI SA KAKAYAHANG BUMASA AT SUMULAT: MGA GURO

Simula sa pasukan sa taong 2021-22, susuriin ng bawat distrito ng paaralan ang mga estudyante sa baitang K-2 para sa mga kahinaan sa pag-unlad sa (mga) kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat na maaaring nauugnay sa dyslexia.

## Sino ang Makakatanggap ng Pagsusuri

Susuriin ang mga estudyante sa mga baitang na K-2. Dapat na tumanggap ang mga mag-aaral ng Ingles ng mga pagsusuri sa kanilang pinakamalakas/sariling wika hangga't maaari.

## Mga Akademikong Tagapagsuri

Ang mga akademikong tagapagsuri ay mga pagsusuring maikli, maaasahan, at tunay na ginagamit para tulungan ang mga guro sa pagtukoy sa mga estudyanteng nanganganib sa partikular na kahirapan sa akademiko.

Ang mga Kagamitan sa Akademikong Pagsusuri ay:

- Mabilis at naka-target na mga pagsusuri sa mga indibidwal na kakayahan.
- Nakasunod sa pamantayan para sa pangangasiwa at pagbibigay ng iskor.
- Tumutugon sa kultura at wika ng mga estudyante sa Washington.

Ang akademikong tagapagsuri ay **HINDI** isang kagamitan para ma-diagnose ang dyslexia.

## Pangangasiwa ng mga Pagsusuri sa Kakayahang Bumasa at Sumulat

- Para pinakapektibong mailaan ang pagtuturo at mga pagwawasto, ang mga kagamitan sa pagsusuri ay dapat na pangasiwaan ng kilalang sertipikadong nakatalang guro.
- Responsibilidad ng tagapamahala ng gusali ng lokal na ahensiya ng edukasyon (LEA) na tiyaking dadaluhan ng lahat ng guro sa mga baitang sa K-2 ang propesyonal na pag-aaral ng tagapagsuring pinili ng distrito at sila ay sinanay sa pangangasiwa ng mga kagamitan sa pagsusuri ayon sa mga rekomendasyon ng tagapaglathala.
- Dapat na bumuo ang LEA, kasama ang mga tagapamahala ng gusali, ng iskedyul sa propesyonal na pag-aaral at pagsasanay para sa mga bagong guro at kawani.

## Proseso ng Pagsusuri

Iba-iba ang proseso para sa bawat distrito ng paaralan batay sa mga rekomendasyon ng tagapaglathala ng mga kagamitan sa pagsusuri na pinili nila.

Naglathala ang OSPI/Konseho ng Tagapayo sa Dyslexia ng [Inirerekomandang Timeline](#) para sa kasanayan sa kakayahang bumasa at sumulat sa bawat baitang mula K-2. Kabilang sa mga rekomendasyong ito ang:

- Dapat na pangasiwaan sa bawat taon ang Ponolohikal na Kabatiran, Ponemikong Kabatiran, at Kaalaman sa Tunog ng Titik sa lahat ng tatlong antas ng baitang.

- Dapat na suriin ang mga estudyanteng nagpatala sa kalagitnaan ng taon kasama ng kanilang mga kaklase sa susunod na petsa ng pagsusuri.
- Dapat na kumpletuhin ang Rapid Automatic Naming nang isang beses lang, sa loob ng di-kukulangin sa apat na linggo pagkatapos ng pagpapatala.
- Kung nagpamalas ang estudyante sa K-2 ng larangan ng kakulangan sa unang pagsusuri, dapat na subaybayan ang pagsulong.
- Kasunod ng pagsusuri at/o pagsubaybay sa pag-unlad, dapat na ipunin ng itinalagang kawani ang datos at ibahagi ang mga ulat ng pagsusuri sa support team ng paaralan.
- Dapat na suriin ng support team ng paaralan ang mga ulat at pagpasiyahan ang mga pagwawasto sa pamamagitan ng multi-tiered na sistema ng suporta.
- Dapat na palaging kasama sa pagpapasiya ang mga pamilya at may kabatiran sa pagsulong ng estudyante.
- Kung patuloy pa ding nagpapakita ang estudyante ng mga kahinaang may kaugnayan sa dyslexia pagkatapos tumanggap ng naka-tier na mga pagwawasto, dapat na magrekomenda ang distrito ng paaralan ng pagsusuri sa pagkakaroon ng partikular na kapansanan sa pagkatuto.

## Mga Kasanayang Dapat Suriin

- **Ponemikong Kabatiran:** kakayahang pakinggan, tukuyin, alisin at baguhin ang mga tunog ng binigkas na mga salita.
- **Ponolohikal na Kabatiran:** kakayahang kilalanin ang mas maraming tunog ng salita gaya ng pagtutugma, aliterasyon, ang bilang ng mga salita sa isang pangungusap, at ang mga pantig sa loob ng mga salita.  
Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kasanayang ito, tingnan ang [Reading Rockets](#) at [National Center for Improving Literacy](#).
- **Kaalaman sa Tunog ng Titik:** kaalaman tungkol sa mga tunog na kinakatawan ng mga titik sa alpabeto. (Kabilang dito ang mga kombinasyon ng mga titik na kumakatawan sa mga tunog ng salita.)  
Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kasanayang ito, tingnan ang [Reading Rockets](#) at [Pambansang Sentro para sa Pagpapahusay ng Kakayahang Magbasa at Magsulat](#).
- **Mabilisang Awtomatikong Pagpapangalan (RAN):** kakayahang mabilis na pangalanan nang malakas ang mga serye ng pamilyar na mga bagay. Kabilang dito ang mga titik, numero, kulay, at mga bagay na matatagpuan sa silid-aralan.  
**Mangyaring tandaan na bagaman puwedeng sumulong ang mga kasanayan sa RAN, hindi maituturo o maisasaayos ang mga ito.** Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa RAN, tingnan ang [Understood.org](#).

## Tungkol sa Dyslexia

Ang dyslexia ay:

- Kadalasang namamanang neurolohikal na kaibahang nagpapahirap sa pagproseso ng mga tunog ng salita, partikular na sa kakayahang unawain at manipulahin ang indibidwal na mga tunog sa mga salita, na maaaring humantong sa mga problema sa pag-unlad ng bokabularyo, pag-unawa sa binasa, at nakasulat na ekspresyon.
- Kinakikitaan ng mga paghihirap sa pagbabasa at pagbabaybay, partikular na sa pag-unlad ng mga ugnayan sa pagitan ng mga titik at tunog.
- Hindi nauugnay sa pangkalahatang katalinuhan o kakayahang pandamdang.
- Hindi bunga ng kawalan ng gana, interes, o di-epektibong pagtuturo sa silid-aralan.

**VIDEO: [Ano ang Dyslexia/Pagpapaliwanag sa Dyslexia](#)** ni Margie Gillis sa [Understood.org](#)

## Mga Impormasyon

- [Impormasyon sa Dyslexia](#)
- [Pagbibigay-kahulugan sa Dyslexia](#)
- [Impormasyon ng ORBIDA Dyslexia](#)
- [Impormasyon ng Understood](#)

## Mga Karagdagang Sanggunian

- [Dyslexia Webpage ng OSPI](#)
- [Webpage ng OSPI sa MTSS](#)
- [Menu ng Pinakamahuhusay na mga Kasanayan sa Sining ng Wikang Ingles sa OSPI](#)
- [Pambansang Sentro para sa Pagpapahusay ng Kakayahang Magbasa at Magsulat: Toolkit sa Dyslexia](#)
- [Sangay sa Washington ng Pandaigdigang Samahan sa Dyslexia](#)
- [Reading Rockets](#)



# PAG-UNAWA SA PAGSUSURI SA KAKAYAHANG BUMASA AT SUMULAT: MGA MAGULANG AT PAMILYA

Simula sa pasukan sa taong 2021-22, susuriin ng bawat distrito ng paaralan ang mga estudyante sa baitang K-2 para sa mga kahinaan sa pag-unlad sa (mga) kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat na maaaring nauugnay sa dyslexia.

## Tungkol sa mga Tagapagsuri sa Kakayahang Bumasa at Sumulat

Ang akademikong tagapagsuri ay:

- Isang maikli, di-pormal na pagsusulat na ibinibigay sa mga estudyante para matukoy kung kailangan pa ng karagdagang pagsusuri.
- Hindi isang pormal na pagsusuri para malaman ang mga suliranin sa pagkatuto.

## Bakit Sinusuri ang mga Bata

- Ang maaga at masinsinang pagwawasto para tugunan ang mga suliranin sa pagbabasa ay ang pinakamahusay na paraan para mahadlangan ang paglala ng maagang mga problema sa paglipas ng panahon.
- Sa pamamagitan ng maagang pagkilala at maagang pagwawasto, ang mga estudyanteng nanganganib na magkaroon ng mga suliranin sa pagbabasa, kabilang ang dyslexia, ay maaaring magtagumpay sa paaralan at magtapos nang handa para sa kolehiyo, trabaho, at buhay sa komunidad.

## Pangangasiwa ng Pagsusuri

- Dapat na suriin ng kanilang guro ang mga estudyante sa silid-aralan. Mas nagiging mahusay ang mga bata kapag komportable sila at nadarama nilang ligtas sila kasama ng mga matatandang kakilala nila.
- Ang impormasyong nalaman ng mga guro sa buong pagsusuri ay makakatulong sa kanilang pagpapalano ng pagtuturo at pagtukoy kung kailangan ba ng karagdagang tulong.

## Mga Kasanayang Susuriin

- Ponemikong Kabatiran: kakayahang pakinggan, tukuyin, alisin at baguhin ang pinakamaliliit na yunit ng tunog sa binigkas na mga salita.
- Ponolohikal na Kabatiran: kaalaman sa mga tunog ng salita gaya ng pagtutugma, aliterasyon (mga salitang nagsisimula sa parehong tunog), ang bilang ng mga salita sa isang pangungusap, at ang mga pantig sa loob ng mga salita
- Kaalaman sa Tunog ng Titik: mga tunog na kinakatawan ng mga titik sa alpabeto. Kabilang dito ang mga kombinasyon ng mga titik na kumakatawan sa mga tunog ng salita.
- Mabilisang Awtomatikong Pagpapangalan: kakayahang mabilis na pangalanan nang malakas ang mga serye ng pamilyar na mga bagay. Kabilang dito ang mga titik, numero, kulay, at mga bagay na matatagpuan sa silid-aralan.

## Proseso ng Pagsusuri

Pipili ang bawat distrito ng paaralan ng sarili nilang akademikong tagapagsuri at ipapatupad ang sarili nilang mga timeline.

Inirerekomenda ng Tanggapan ng Superintendent ng Pampublikong Pagtuturo at Konseho ng Tagapayo sa Dyslexia ang sumusunod na pangangasiwa ng akademikong pagsusuri:

- Ang Ponemikong na Kabatiran, Ponolohikal na Kabatiran, at Kaalaman sa Tunog ng Titik ng mga estudyante ay dapat na suriin ng mga paaralan nang di-kukulangin sa isang beses kada taon.
  - Kindergarten: Enero
  - Una at Ikalawang baitang: Taglagas
- Dapat na suriin ang mga estudyanteng nagpatala sa kalagitnaan ng taon kasama ng kanilang mga kaklase sa susunod na petsa ng pagsusuri.
- Dapat na suriin nang isang beses ng mga paaralan ang mga kasanayan ng mga estudyante sa Mabilisang Awtomatikong Pagpapangalan
- Ang mga estudyanteng nagpakita ng kakulangan sa mga larangan sa unang pagsusuri ay makakatanggap ng karagdagang pagwawasto at susubaybayan ang kanilang pagsulong.
- Sasanayin ang mga gurong mangangasiwa ng tagapagsuri para gamitin ang mga kagamitan sa pagsusuri nang naaayon sa mga rekomendasyon ng tagapaglathala.
- Isasama ang mga pamilya sa pagpapasiya at bibigyan ng kabatiran sa pagsulong ng estudyante.

## Tungkol sa Dyslexia

Ang dyslexia ay:

- Isang pagkakaiba na nagpapahirap sa pagproseso ng mga tunog ng salita, partikular na sa kakayahang makarinig, palitan, at baguhin ang indibidwal na mga tunog sa salita.
- Kinakikitaan ng mga paghihirap sa pagbabasa at pagbabaybay, partikular na sa mga ugnayan sa pagitan ng mga titik at tunog.
- Malamang na humantong sa mga problema sa pagkatuto at pag-alaala ng bokabularyo, pag-unawa kung ano ang binasa, at pagsusulat ng mga iniisip sa papel.
- Hindi nauugnay sa pangkalahatang katalinuhan.
- Hindi problema sa paningin o dulot ng kawalan ng gana, interes, o pagkahantad sa maraming panitikan.

**VIDEO: [Ano ang Dyslexia/Pagpapaliwanag sa Dyslexia](#)** ni Margie Gillis sa Understood.org

## Alamin ang Higit pa

Maaaring masagot ng guro ng iyong anak ang mga tanong tungkol sa mga kagamitan sa pagsusuri na ginagamit sa iyong paaralan.

Nasa ibaba ang mga link sa nakakatulong na mga website tungkol sa dyslexia (isang pangkaraniwang kapansanan sa pagbabasa at pagsusulat) at iba pang kapansanan sa pagkatuto:

- [Pambansang Sentro para sa Pagpapahusay ng Kakayahang Magbasa at Magsulat: Toolkit sa Dyslexia](#)
- [Sangay sa Washington ng Pandaigdigang Samahan sa Dyslexia](#)
- [Understood.org](#)
- [LDOnline](#)
- [Dyslexia Page ng OSPI](#)

# LEGAL NA ABISO



Maliban kung tinukoy nang naiiba, ang gawaing ito ng [Tanggapan ng Superintendent ng Pamublikong Pagtuturo](#) ay may lisensiya sa ilalim ng [Creative Commons Attribution License](#).

Ang mga alternatibong lisensiya ng materyal na may iba-ibang antas ng pahintulot sa user ay malinaw na tinutukoy sa tabi ng partikular na nilalaman ng mga materyales.

Maaaring maglaman ang sangguniang ito ng mga link sa mga website na pinapatakbo ng mga ikatlong partido. Inilaan ang mga link na ito para sa iyong kapakinabangan lamang at hindi bumubuo o nagpapahiwatig ng anumang pag-eendorso o pagsubaybay ng OSPI.

Kapag ini-adapt ang gawaing ito, bigyang-pansin ang pangunahing pagbabago at paglalagay ng ibang pamagat, pagtatanggal ng anumang logo ng Tanggapan ng Superintendent ng Pamublikong Pagtuturo sa Washington. Ibigay ang sumusunod na atribusyon:

"Ang sangguniang ito ay ini-adapt mula sa orihinal na mga materyales na inilaan ng Tanggapan ng Superintendent ng Pamublikong Pagtuturo. Maaaring i-access ang mga orihinal na materyales sa [dyslexia webpage ng OSPI](#).

Mangyaring tiyaking may natanggap na pahintulot sa paggamit ng lahat ng elemento ng publikasyong ito (mga larawan, tsart, teksto, atbp.) na hindi ginawa ng kawani ng OSPI, pinagbigyan ng gawad, o mga kontratista. Dapat makita ang pahintulot na ito bilang pahayag ng pagpapatungkol sa paraan na tinukoy ng may-ari ng copyright. Dapat gawing malinaw na ang elemento ay isa sa mga pagbubukod na kabilang sa "maliban kung tinukoy na iba" sa bukas na lisensiya ng OSPI.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa Interaktibong Gabay sa Karapatang-ari at Pagbibigay ng Lisensiya ng OSPI.

Nagbibigay ang OSPI ng patas na access sa lahat ng programa at serbisyo nang hindi nangdidiskrimina batay sa kasarian, lahi, pananampalataya, relihiyon, kulay ng balat, bansang pinagmulan, edad, katayuan sa pagiging beterano na marangal na pinagbitiw o status sa militar, sekswal na oryentasyon kasama ang pagpapahayag ng sekswalidad o pagkakakilanlan, ang pagkakaroon ng anumang kapansanan sa pandama, pag-iisip o katawan, o ang paggamit ng isang tao na may kapansanan ng sinanay na asong nagsisilbing gabay o hayop na sumusuporta. Ang mga tanong at reklamo ukol sa pinaghihinalaang kaso ng diskriminasyon ay dapat na idirekta sa Direktor ng Katarungan at Mga Sibil na Karapatan (Equity and Civil Rights Director) sa 360-725-6162 o P.O. Box 47200, Olympia, WA 98504-7200.

I-download ang materyal na ito sa PDF sa dyslexia webpage ng OSPI (<https://www.k12.wa.us/about-ospi/workgroups-committees/currently-meeting-workgroups/washington-state-dyslexia-advisory-council/about-dyslexia>). Makakakuha ng kopya ng materyal na ito sa alternatibong format kapag hiniling. Makipag-ugnayan sa Sentro ng Sanggunian sa 888-595-3276, TTY 360-664-3631. Sumangguni sa numerong ito ng dokumento para sa mas mabilis na serbisyo: 20-0029.



**ESTD  
1889**

---

*Lahat ng mag-aaral na handa para sa mga direksyon sa edukasyon pagkatapos ng sekondarya, mga karera, at pansibikong pakikilahok.*



Washington Office of Superintendent of  
**PUBLIC INSTRUCTION**

**Chris Reykdal** | State Superintendent  
Office of Superintendent of Public Instruction  
Old Capitol Building | P.O. Box 47200  
Olympia, WA 98504-7200